

# Oryentasyon ng Aaronic Priesthood Quorum at Young Women Class Presidency



## TINAWAG NG DIYOS

- Ano ang ibig sabihin ng tawagin ng Diyos?



## MAG-MINISTER SA MGA PINAGLILINGKURAN MO

- Paano ko makikilala at mamahalin ang lahat ng miyembro ng aking korum o klase?
  **ALAMIN PA ANG IBA:** Ang ward clerk ay makapagbibigay ng listahan ng mga miyembro ng korum o klase.
- Paano ko susundin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa paglilingkod?





## MGA RESPONSIBILIDAD NA PANG-ADMINISTRATIBO

- Anong mga miting ang dinadaluhan at pinaplano ko?
  **ALAMIN ANG IBA PA TUNGKOL SA:** mga miting ng quorum o class presidency at ward Youth Council bukod sa regular na mga miting at aktibidad ng Simbahan (*tingnan sa Pangkalahatang Hanbuk: Paglilingkod sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw,* 10.4.3, 10.4.4, 11.3.4.3, 11.3.4.4, 29.2.9, ChurchofJesusChrist.org).
- Ano ang mga pang-administratibong gawain ko? Anong tools ang makatutulong sa akin?
  **ALAMIN ANG IBA PA TUNGKOL SA:** adyenda ng miting (tingnan sa "Sampol na Presidency Meeting Agenda"), pagsasagawa ng mga miting, pagtatalaga ng mga assignment, pagsubaybay sa mga assignment, at pagbati sa mga miyembro ng korum o klase (tingnan sa *Pangkalahatang Hanbuk*, kabanata 4).



## MAGPLANO NG MGA MITING AT AKTIBIDAD

- Paano kami magkakaroon ng nakapagpapasigla at espirituwal na mga miting sa araw ng Linggo? (Tingnan sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Korum ng Aaronic Priesthood at mga Klase ng Young Women*.)
  **ALAMIN ANG IBA PA SA:** ComeFollowMe.ChurchofJesusChrist.org.
- Paano kami magkakaroon ng nakahihikayat at epektibong paglilingkod at mga aktibidad? (Tingnan sa "Mga Tuntunin sa Paglilingkod at Aktibidad para sa mga Kabataan.")
  **ALAMIN ANG IBA PA SA:** ChildrenandYouth.ChurchofJesusChrist.org.

# Impormasyon para sa mga Bishopric at mga Adult Leader ng Young Men at Young Women

Ang bishopric ay may responsibilidad na bigyan ng oryentasyon ang bagong tawag na mga Aaronic Priesthood quorum at Young Women class presidency. Ang pagbibigay ng oryentasyon sa isang presidency ay mahalagang hakbang sa pagtulong sa mga kabataang lider na magtagumpay sa kanilang mga tungkulin.

Ang sumusunod na resources o sanggunian ay mga mungkahi upang tulungan ang mga miyembro ng bishopric sa pagbibigay nila ng oryentasyon sa bagong presidency o pagtuturo sa kasalukuyang presidency. Ang resources o mga sanggunian at nakaraang mga tanong ay magagamit upang pangunahan ang maikling talakayan sa oryentasyon o pagtuturo sa mga bago o kasalukuyang mga presidency sa ward youth council o sa iba pang mga pagkakataon. Sa ilalim ng patnubay ng bishopric, ang mga lider ng Young Men at Young Women ay maaari ring rebyuhin ang resources o mga sangguniang ito sa mga miting ng quorum o class presidency.

## RESOURCES O MGA SANGGUNIAN SA ORYENTASYON

### **Tinawag ng Diyos,** 8–10 MINUTO

*"Para maging epektibong mga lider ng Simbahan, kailangang matutuhan natin ang mahalagang aral na ito: ang pamumuno sa Simbahan ay hindi lahat tungkol sa paggabay sa iba kundi tungkol din ito sa ating kahandaang gabayan ng Diyos" (Dieter F. Uchtdorf, "Ang Pinakadakila sa Inyo,"* Ensign *o* Liahona, *Mayo 2017, 80).*

- Ang mga quorum at class presidency ay tinatawag sa pamamagitan ng paghahayag (tingnan sa Juan 15:16).
- Kumikilos ang presidency ng mga korum ng Aaronic Priesthood taglay ang mga susi na iginagawad kapag itinatalaga ang mga presidency ng korum. Ang presidency ng mga klase ng Young Women ay kumikilos taglay ang natanggap na awtoridad ng priesthood kapag itinalaga ang mga presidency (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 42:11; 107:5; Saligan ng Pananampalataya 1:5; *Pangkalahatang Hanbuk,* 3.4.1).
- Ang mga presidency ay mananagot sa Panginoon at sa Kanyang mga pinuno (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 104:11–13; *Pangkalahatang Hanbuk,* 4.2.6).
- Ang mga presidency ay nagsisilbing halimbawa para sa mga miyembro ng korum o klase (tingnan sa 1 Timoteo 4:12; Alma 17:2–3).

### **Mag-minister sa mga Taong Pinaglilingkuran Mo** 5–8 MINUTO

*"Tinawag kayo para maging kinatawan ng Tagapagligtas. . . . Ang inyong mga kamay ay [magpa]pasigla tulad ng Kanyang mga kamay" (Henry B. Eyring, "Manindigan sa Iyong Tungkulin,"* Ensign *o* Liahona, *Nob. 2002, 76).*

- Bilangin, pangalanan, at pangalagaan ang mga pinaglilingkuran ninyo (tingnan sa Moroni 6:4).
- Tulungan ang iba na sundin ang Tagapagligtas (tingnan sa *Pangkalahatang Hanbuk,* 4.2.3).

### **Mga Responsibilidad na Pang-Administratibo** 5–8 MINUTO

*"Ito ang himala ng mga council ng Simbahan: ang pakikinig sa isa't isa at pakikinig sa Espiritu!" (M. Russell Ballard, "Counseling with Our Councils,"* Ensign, *Mayo 1994, 26).*

- Lumahok sa mga Youth Council ng ward (tingnan sa *Pangkalahatang Hanbuk,* 29.2.9).
- Magdaos ng regular na mga miting ng quorum o class presidency (tingnan sa *Pangkalahatang Hanbuk,* 10.4.3, 11.3.4.3; "Sampol na Presidency Meeting Agenda").
- Magkaroon ng kasanayan sa pamumuno para maisakatuparan ang gawain (tingnan sa *Pangkalahatang Hanbuk,* 4.2).

### **Magplano ng mga Miting at Aktibidad** 5–8 MINUTO

*"Bawat aktibidad, bawat aralin, lahat ng ginagawa natin sa Simbahan, ay patungo sa Panginoon at sa Kanyang banal na bahay" (Russell M. Nelson, "Personal na mga Paghahanda para sa mga Pagpapala ng Templo," Ensign, Mayo 2001, 32).*

- Pag-aralan ang inyong mga responsibilidad (tingnan sa *Pangkalahatang Hanbuk,* mga kabanata 10–11).
- Magplano at mamuno ayon sa patnubay ng Espiritu (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 43:8–9; 88:119; Moroni 6:9).

## MGA KARAGDAGANG TAGUBILIN

Ang mga oportunidad na linangin ang mga kasanayan sa pamumuno ay magpapatuloy sa mga miting ng ward youth council at sa mga regular na miting ng presidency. Para sa resources o mga sanggunian sa pagtulong sa gawaing ito, tingnan sa Quorum and Class Presidency Resources.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2020 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. 8/19. Pagsasalin ng *Quorum and Class Presidency Orientation v2.* Tagalog. PD60009511 893. Inilimbag sa Pilipinas